

# 15 HAKBANG NA PLANO NG BART

## para Muling Tanggapin ang Mga Pasahero



### 1

#### Paglilinis

Gumagamit ang BART ng hospital-grade na disinfectant sa mga istasyon at sinasakyang tren.

Pinupunasan ang mga train pole (hawakang metal) gamit ang disinfectant pagdating sa dulo ng biyahe sa mga oras ng serbisyo. Bawat bagon na nasa serbisyo ay dini-disinfect gamit ang electrostatic foggers kada 24 oras. Araw-araw na nililinis nang husto at nang ilang beses ang mga bagay sa istasyon na madalas mahawakan.



### 2

#### Pinapatakbo ang Mahahabang Tren

Magpapatatko ang BART ng mahahabang tren buong araw para magka-distansiya ang mga

pasahero. Mapapanatili ng mga pasahero ang social distancing na 6 talampakan sa loob ng bagon ng tren na may mga 30 tao sa bawat bagon. Magagawa ang social distancing na 3 talampakan ng 60 tao sa bawat bagon.

### 3

#### Mas Madalas na ang Mga Tren

Nagdagdag na ang BART ng mga tren sa mga oras ng pag-commute sa loob ng 15 minutong mga agwat kapag ipinakita ng datos na palaging lampas 30 tao ang nakasakay. Asahan ng mga pasahero sa ngayon na 9 pm ang huling biyahe. Hinihikayat ang mga pasahero na tingnan online ang real time na feature ng BART para sa mga departure at ang opisyal na app ng BART bago pumunta sa istasyon dahil maaaring hindi palaging maipakita ng Trip Planner ang 15 minutong serbisyo sa araw na maging available na ito.

### 4

#### Magpasimula ng Bagong Ayos ng Mga Upan

Sa Fleet of the Future ng BART, puwede ang mga modular na upuan. Magpapasimula ang BART ng bagong ayos ng mga upuan na posibleng makatulong para magkaroon ng espasyo sa pagitan ng mga pasahero.



### 5

#### Ipag-utos ang Pagsusuot ng Pantakip sa Mukha

Patuloy na ipag-uutos ng BART ang pagsusuot ng pantakip sa mukha sa lahat ng pagkakataon para sa lahat ng pasahero edad 2 pataas, maliban kung may pahintulot alinsunod sa kautusan ng Estado ng California. Ang lahat ng istasyon sa buong sistema ay may karagdagang mask na makukuha ng nangangailangan kapag humiling sila mga puwesto ng ahente ng istasyon. Magbibigay rin kami ng mga karagdagang mask sa mga supplying officer para maipamigay nila kung kailangan. Susubukan ng BART ang mga vending machine ng face mask sa loob ng ilang istasyon.

### 6

#### Pagbantay ng Mga Pulis

Ipagpapatuloy ng BART Police ang kanilang mga pagsusumikap na dagdagan pa ang presensiya ng kawani sa mga istasyon at sinasakyang tren, kabilang ang mga nanumpang officer, mga hindi nanumpang tauhan, mga inspektor ng pamasaha, at mga ambassador. Kapag ipinapatupad ang utos na magsuot ng pantakip sa mukha, itutuon ng BART Police ang kanilang gawain sa edukasyon at pagbibigay ng mga mask sa mga nangangailangan nito. Pana-panahong ipoposisyon ang mga officer sa mga nakapirming puwesto malapit sa mga fare gate sa karamihan ng aming mga istasyon. Patuloy na magiging pangunahing pagtuon ng BART Police ang pagtugon sa mga seryosong krimen. Mas pagtutuunan din ng pansin na panatilihin walang balakid at ligtas ang mga daanan sa istasyon para sa aming mga pasahero.



**7****Mga Biswal na Pananda**

Nakadispley ang malalaking decal, poster, at banner sa buong sistema at sa loob ng mga sinasakyang tren para ipaalam ang mga inaasahan sa social distancing at pangangailangang magsuot ng pantakip sa mukha. Bagama't walang plano ang BART na gumamit ng mga standing marker sa mga platform at tren, maraming ilalagay na signage sa mga platform at sinasakyang tren, at magkakaroon ng mga overhead na anunsiyong nagpapaalala sa mga pasahero na mag-social distancing at maglayo-layo.

**8****Hand Sanitizer**

Patuloy na mag-aalok ang BART ng hand sanitizer sa bawat istasyon. Naglagay kami ng malalaking karatula, kaya madaling mahanap ang mga dispenser.

**9****Contactless na Pagbabayad**

Binibigyang-daan ng Clipper ang contactless na pagbabayad sa BART. Hinihikayat ang mga pasahero na kumuha ng Clipper at paunang mag-load ng pondo online o awtomatikong magpa-load. Nag-aalok na ang BART ng contactless na bayad sa parking sa pamamagitan ng opisyal na BART app sa buong sistema.

**10****Mga Personal na Hand Strap**

Magbebenta ang BART ng mga personal na hand strap sa mga pasahero para magamit at maiuwi para malinisang pagkatapos ng bawat pagsakay. May limitadong supply na ipamimigay sa labas ng mga istasyon sa mga sorpresang pagtitipon para patuluyin ang mga pasahero. Mabibili ang mga strap sa halagang \$5 bukod sa buwis nang online sa [www.railgoods.com](http://www.railgoods.com), pag-order sa telepono sa pagtawag sa 510-464-7136, at personal sa bintanang Mga Serbisyo sa Kostumer sa Lake Merritt Station (Lunes-Biyernes 7:30 am–4:45pm).

**11****Paghahayag ng Mga Datos sa Dami ng Tao**

Patuloy na ipo-post ng BART ang dami ng sumasakay araw-araw sa [www.bart.gov/covid](http://www.bart.gov/covid) para makapagpakita ng lagay ng dami ng pasahero. Naglunsad rin ang BART ng chart ng dami ng tao batay sa schedule na nagpapakita ng datos ng sumasakay sa bagon batay sa dami ng mga pasahero sa isang partikular na tren at kung paano maikakalat nang average ang mga pasaherong iyon sa lahat ng bagon. Hindi makukuha ang mga datos sa real time pero nakapaskil nang lingguhan ang mga chart sa [www.bart.gov/crowding](http://www.bart.gov/crowding) at magagamit na instrumento sa pagpapalano para matukoy ang mga bagon na di masyadong siksikan.

**12****Mga Bagong Teknolohiya at Pinakamahuhusay na Kasanayan sa Industriya**

Ang hanging nahihinga ninyo habang nakasakay sa BART ay mas nasasalang mabuti kaysa karaniwang lugar ng opisina o grocery store o parmasya, kung saan napapalitan kada 70 segundo ang lahat ng hangin sa loob ng isang bagon ng tren. Gumagamit ang BART ng mga MERV 8 filter at kasalukuyang sinusubok ang mga MERV 14 filter para sa mga bagon at sinusuri ang UV lighting sa HVAC duct work ng mga bagon ng tren para mapatay ang mga virus sa daloy ng hangin. Habang lumilitaw ang mga tunguhin ng pinakamahuhusay na kasanayan kaugnay ng kaligtasan at danas ng kostumer, susuriin ng BART ang praktikal na pagpapatupad nito para sa aming sistema.

**13****Tulong sa Business Community**

Hihikayatin ng BART ang mga employer na bigyang-daan ang mga staggered na shift para makatulong na magkaroon ng agwat ang pag-commute at para maiwasan ang pagsisiksikan sa mga oras na marami ang bumibiyahe. Makikilahok din ang mga kawani ng BART sa mga virtual na town hall kasama ng mga kompanya para sumagot ng mga tanong tungkol sa serbisyo ng BART at mga bagong hakbang na pangkaligtasan.

**14****Malusog na Lakas-paggawa**

Ang pinakamahalagang asset ng BART ay ang aming lakas-paggawa, at dapat silang manatiling malusog para makapagpatuloy sa pagbibigay ng serbisyo. Nagbibigay ang BART ng PPE at mga supply sa mga manggagawa at nag-aalok ito ng COVID-19 testing sa mga empleyado. Madalas na dini-disinfect ang mga lugar ng trabaho.

**15****Buuing Muli ang Impraistraktura**

Sinasamantala ng BART ang panahong itong kaunti lang ang sumasakay para mapabilis ang mga proyekto sa muling pagbuo ng mga impraistraktura sa tulong ng mga dagdag na oras sa paggawa na dulot ng mas maagang oras ng pagsasara. Dahil sa ganitong mas matinding pagtatrabaho, mas magiging maikli ang oras na kakailanganin sa ilan sa mga proyektong ito na maaring makasagabal sa mga pasahero. Halimbawa, sa bawat anim na linggong magsasagawa ng single tracking ang BART simula 7 pm sa San Francisco para magpalit ng kable, anim na buwang single tracking tuwing Linggo ang natatanggal.